# Mga Madalas na Tanong Tungkol sa Epekto ng GF-120 NF Naturalyte® sa Kalusugan

Inihanda ng Office of Environmental Health Hazard Assessment, CalEPA

OEHHA
SCIENCE FOR A HEALTHY CALIFORNIA

**T: Ano ang GF-120 NF Naturalyte®?**
**S: Ang** GF-120 NF Naturalyte® ay isang produktong pamatay-insekto o pestisidyo na ang aktibong sangkap ay Spinosad at isang protein bait para maka-attract ng mga target na insekto. Dahil ang Spinosad ay produkto ng bakterya na natatagpuan sa kalikasan, *Saccaropolyspora spinosa*, itinuturing itong pestisidyo na "hindi sintetiko" o organic. Ginagamit ng California Department of Food and Agriculture (CDFA) ang GF-120 NF Naturalyte® sa pagkontrol ng mga pesteng sumasalakay sa mga lugar sa lungsod. Kapag ginagamit para sa layuning ito, ang GF-120 NF Naturalyte® ay inii-spray nang manu-mano sa mga dahon ng mga host na halaman na nasa ibabaw ng lupa at hindi maaabot ng mga bata at alagang-hayop. (Panoorin ang video: *Spinosad: Organic Pest Treatment for Exotic Fruit Flies* sa https://www.cdfa.ca.gov/plant/ videos/spinosad/ )

**T: Paano gumagana ang aktibong sangkap na spinosad?**
**A:** Kapag kinain ng mga insekto ang Spinosad o napatakan sila nito, ang mga nerves ng insekto ay nagiging masyadong masigla at over-stimulated ang mga ito. Maaari silang mamatay dahil dito. Ayon sa mga pagsusuri, walang masyadong epekto ang Spinosad sa mg mamalya kahit sa napakataas na dosis.

**T: Paano kinaklasipika ng mga pederal na ahensya ng gobyerno ang mga epekto at panganib sa kalusugan ng spinosad?**
**A:** Natutugunan ng spinosad ang mga kinakailangan ng US Environmental Protection Agency (US EPA) para sa "reduced risk pesticides (mga pestisidyo na may mas mababang panganib)" dahil sa ebidensya na walang masyadong epekto ito sa kalusugan ng tao. Pinahihintulutan ng US Department of Agriculture (USDA) ang paggamit ng Spinosad sa organikong pagsasaka dahil hindi ito sintetiko at natukoy na tugma sa mga organikong gawi.

**T: Ano ang mga epekto sa kalusugan ng tao na nauugnay sa spinosad?**
**S:** Napakaliit ng panganib sa kalusugan ng spinosad kapag ginamit ang GF-120 NF Naturalyte® gaya ng nakasaad sa label. Ang matataas na dosis ng spinosad na inilagay sa balat ay nagpapakita ng napakababang toxicity sa mga mammal. Walang patunay ng mga mutation, iba pang pinsala sa DNA, o kanser, ang ipinapakita sa mga pag-aaral. Maaari itong magdulot ng kaunting pansamantalang pagkairita ng mata at balat noong tinest sa matataas na konsentrasyon. Hindi ito nagdudulot ng mga skin-sensitization reaction tulad ng allergic contact dermatitis sa mga test animal.

**Mga Katanungan at Kasagutan Kaugnay ng Kalusugan para sa GF-120 NF Naturalyte®**

**T: Ano ang nalalaman tungkol sa mga hindi aktibong mga sangkap (o "inert ingredients" ng GF-120 NF Naturalyte®?**
**S:** Gaya ng lahat ng produktong pinahihintulutan para sa organikong paggamit, ang mga inert ingredients ng GF-120 NF Naturalyte® ay nasa listahan ng USDA ng mga "inerts of minimal concern" (mga hindi aktibong sangkap na hindi gaanong ipinag-aalala). Ang ilan sa mga hindi aktibong sangkap, noong tinest sa mataas na konsentrasyon sa mga panlaboratoryong hayop, ay nagdulot ng bahagyang pagkairita ng balat o mata. Wala sa mga inert ingredients ang nagpakita ng pagpapatunay na nakakapagdulot ng kanser. Ang pagkakalantad sa alinman sa mga di aktibong sangkap ay inaasahan na napakababa.

**T: Ano ang mangyayari sa GF-120 NF Naturalyte® pagkatapos itong gamitin sa mga halaman?**
**S:** Ang karamihan sa aktibong sangkap, ang spinosad, ay nananatili sa ibabaw ng mga dahon. Maaaring pumasok sa mga dahon ang kaunting spinosad ngunit hindi ito maikakalat sa iba pang bahagi ng halaman. Ang paglalagay ng pamatay-insekto sa mga dahon ay maaari ding magresulta sa pagpatak ng spinosad sa lupa. Karaniwang nananatili lang ang spinosad sa ibabaw na lupa at hindi magpapatuloy na naroroon sa kapaligiran. Ang mga residue sa dahon at sa lupa ay bine-break down ng sinag ng araw o bakterya sa loob ng ilang araw hanggang ilang linggo.

**T: Ano ang puwedeng gawin ng mga tao upang mabawasan ang kanilang pagkakalantad sa mga lugar na nilalagyan ng GF-120 NF Naturalyte®?**
**S:** Huwag gumawa ng paghahardin o pahintulutan ang mga bata na maglaro malapit sa mga puno o halaman na nilagyan nito kaagad pagkatapos ng paglalagay nito. Banlawan ang mga lugar ng laruan sa labas pagkatapos ng paglalagay nito. Hugasan ang balat at damit kung nagkaroon ng kontak. Sundin ang mga tagubilin na ibinigay ng CDFA.

**T: Puwede ko bang kainin ang mga prutas at gulay mula sa mga halaman at puno na nalagyan ng GF-120 NF Naturalyte®?**
**S:** Oo, ang mga tanim ay maaaring anihin at kainin pagkatapos matuyo ang GF-120 NF Naturalyte® (pagkalipas ng 4 na oras). Dapat hugasan ang mga ito bago kainin o lutuin.

**T: Ano ang dapat kong gawin kung masama ang pakiramdam ko pagkatapos ng pagkakalagay ng GF-120 NF Naturalyte®?**
**S:** Tawagan ang California Poison Control System hotline sa (800) 222-1222 o kumonsulta sa iyong doktor.

**Mga Katanungan at Kasagutan Kaugnay ng Kalusugan para sa GF-120 NF Naturalyte®**

Para sa higit na impormasyon, mangyaring kontakin ang:

Invasive Species Program
Office of Environmental Health Hazard Assessment
California Environmental Protection Agency

1001 I Street, P.O. Box 4010
Sacramento, CA 95812
Telepono: (916) 327-7319

1515 Clay St., 16th Floor
Oakland, CA 94612
(510) 622-3170

Email: pesticides@oehha.ca.gov

Disyembre 2016